

Gamit ng mga Masteradong Tesis sa Kalagayang Sosyal at Kultural ng mga Sorsoganon: Isang Pagsusuri

Felisa D. Marbella (PhD)

Sorsogon State College, Paaralang Gradwado

Lunsod Sorsogon, Philippines

felymarbella03@gmail.com

Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research

Vol. 8 No.2, 92-99

May 2020 Part II

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

ASEAN Citation Index

Date Received: August 30, 2019; Date Revised: April 28, 2020

Abstract - *This research analyzed the impact of the master thesis on the social and cultural status of the Sorsoganons. It is used by the documentary-analysis method. The main source of data is the master's thesis of MAED-Filipino students at one State College in the Philippines from 2014-2018. It has been found that the contents of the master theses are in line with Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) standards. In this research topics in language research subject are, the teaching of Filipino language / subjects, teaching another language using Filipino, training in using Filipino, language planning and K to 12 and MTB-MLE. In language / linguistic research, subjects include linguistics and grammar of Filipino and other languages, comparative language learning, dictionary development / nomenclature, orthography and language standardization. In research in cultural studies, cultural studies, literature (general education), stories, poetry, literature, folklore, and tourism. The outcomes of the study were instructional materials, action plans, training designs, policy suggestions, and books, magazines and pamphlets. It will be useful for effective communication, enrichment of the Filipino language, introduction of area tourism, supplemental teaching aids, community information, additional information on MTB-MLE, policy development, revision of literary and cultural importance. It is recommended that the generated outputs be used by the school as a basis and reference for teaching. The community can also use the generated outputs to better identify the area and identify the tourism it has.*

Keywords –*Impact, Master's Thesis, Social and Cultural Affairs, Educational research language, Language / linguistic research, and Cultural research*

Abstrakt- *Inalam sa pananaliksik na ito ang impak ng masteradong tesis sa kalagayang sosyal at kultural ng mga Sorsoganon. Ginamitan ito ng pamamaraang dokumentari-analisis. Ang pangunahing pinakunan ng datos ay ang mga masteradong tesis ng mga mag-aaral ng MAED-Filipino sa paaralang gradwado mula taong 2014-2018. Natuklasan na ang nilalaman ng mga masteradong tesis ng MAED Filipino ay nakalinya sa pamantayan ng KWF. Sa paksain saliksik pangwika sa edukasyon ay ang pagtuturo ng wika/asignaturang Filipino, pagtuturo ng ibang larang gamit ang Filipino, pagsasanay sa pagtuturo gamit ang Filipino, pagpaplanong pangwika at K to 12 at MTB-MLE. Sa saliksik sa wika/lingguwistika, ang mga paksain ay lingguwistika wika at gramatika ng Filipino at iba pang wika, hambingang pag-aaral ng wika, pagbuo ng diksyonaryo/katawagan, ortograpiya at estandardisasyon ng wika. Sa saliksik sa araling pangkultura, pag-aaral sa kultura, panitikan (pangkalahatang pag-aaral), kuwento, tula, panitikang-bayan, alamat, at turismo. Inirerekomenda na ang mga nabuong awtput ay maaaring gamitin ng paaralan upang maging batayan at sanggunian sa pagtuturo. Maaari ring gamitin ng komunidad ang mga nabuong awtput upang sa gayon ay mas maipakilala ang lugar at maipabatid ang turismo mayroon ito.*

Susing Salita–*Impact, Masteradong Tesis, Kalagayang Sosyal at Kultural, Saliksik pangwika*

INTRODUKSYON

Ang pananaliksik ay isang pangunahing gampanin sa larangan ng edukasyon ngayon. Layunin nitong maibalangkas ang mga napapanahon at kailangang saliksik upang maging gabay at direksyon sa lahat ng

mga pambansang pagpupursigi at pangangailangan upang lahat ng pananaliksik ay magkaroon ng pagkakaisa. Ayon sa pag-aaral [1], ang pananaliksik ang gawaing palaging hinihingi sa lahat ng mga mag-aaral at akademiko, at pundamental sa pagbuo ng

pasya sa kahit anong larangan. Ito ang paraan ng akademya upang paunlarin, o baguhin, kung kinakailangan ang kaalaman hinggil sa buhay upang magkaroon ng matibay na batayan ang kanilang ginagawa at higit pa, makapag-ambag din sa kanilang pinagseserbisyuhang publiko ng makabagong karunungan tiyak namapagkakatiwalaan. Sinabi nga ng UNESCO [2] na ang ganitong mga klase ng pananaliksik ay nangangailangan ng mga paksain katulad ng pamamaraan sa pagtuturo, pamamahala ng paaralaan, pagbuo ng mga polisiya, pagpapaunlad ng kapaligiran ng paaralan, pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral at iba pa. Ang saklaw na ito ng mga pananaliksik ay nagbibigay sa mga masteradong mag-aaral sa pagpili ng kanilang magiging paksain sa kanilang gagawing pananaliksik.

Maraming makabuluhang rason kung bakit ang isang edukador ay kailangang magsagawa ng pananaliksik. Kailangan niyang matuto kung paano tukuyin at bigyan ng sistematikong solusyon ang isang isang isyu o problema. Mula sa ginawang pananaliksik makakalikha ng isang estratehiya at teknik na matukoy ang mga potensyal ng mga mag-aaral na aagapay sa hinihingi ng ika-21 siglong pagkatuto. Madedvelop niya ang kanyang kakayahan para magbukas ng oportunidad para maging transpormatibong lider sa hinaharap. Ang lahat ng ito ay nakikitangi sa mga suliranin na dapat pagtuunan ng pansin. Na ito'y dapat mabigyan ng agarang aksyon. Kinakailangan na mula elementary hanggang kolehiyo dapat ipadanas sa mga mag-aaral ang iba't ibang gamit at baryasyon ng pananaliksik sa iba't ibang paraan at pamamaraan. Ang pananaliksik ay mahalaga sa kritikal na pag-iisip sa anumang Gawain na hindi hiwalay o tiwalag sa karaniwang karanasan. Para sa mga gurong nagtuturo ng wika, komunikasyon, panitikan, sining, kultura at pilosopiya, mahalagang itatak sa isipan ng ating mga mag-aaral na pundamental ang pananaliksik sa anumang gawain – akademiko man o hindi. Ito ay proseso ng pagsagot ng mga makabuluhang tanong na humahantong sa pagtuklas ng bagong kaalaman [3].

Mandatorin ng DepEd na ang lahat ay kinakailangang lumahok sa mga nasyonal na gawaing pananaliksik at pag-aaral [4]. Dahil ditto inaasahan na ang mga guro at kawani ng DepEd ay magsasagawa ng pananaliksik nasyonal man ito o lokal. Inaasahan na magsagawa ng pananaliksik ang lahat ng dibisyon upang bigyang prayoridad ang pagsasaayos at pagtukoy ng mga proyekto para sa pangangailangan sa hinaharap.[5]. Kaugnay ng mandating ito

kinakailangan na maging maalam ang mga guro at kawani ng DepEd hindi lamang ang mga mag-aaral ng paggawa ng mga pananaliksik upang ganap na matugunan ang mga kinakaharap na suliranin.

Nakasaad sa Memorandum Blg. 36 serye 1998 ng Komisyon ng Edukasyon [6], binibigyang-diin na ang mga masteradong mag-aaral ay kinakailangang makaagapay sa mga pagbabagong nagaganap sa sistema ng edukasyon maging ito may ay lokal at national napagbabago. Ipinapakita lamang nito na may malaking gampanin sa edukasyon sa pagtugon sa mga pagababagong isyung na gaganap sa pag-unlad maging ito man ay lokal o national. Alinsunod din sa CMO Blg. 53 serye ng 2007 [7], sinasabi na ang mga pag-aaral sa nasa mataas na lebel ay epektibong paraan na malinang ang kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik upang matulungang madebelop ang teorya ng edukasyon at kasanayan sa iba-ibang aspekto ng sistema ng edukasyon. Bunga din nito isa sa adhikang Komisyon sa Wikang Filipino, Medyo Matagalang Plano 2017-2020 [8] ay ang pagpapaigting at pagpapalawig ng saliksik bukod sa tatlo pang adhika: ang pagpapalaganap at pagpapaunlad ng Wikang Filipino, pagbuo at pagpapatupad, at pagsubaybay ng patankarang pangwika; at pagpapalakas ng serbisyong institusyonal.

Sa bansang Filipinas, ipinapatupad ang pagsasagawa ng mgapananaliksik sa pamamagitan ng paggawa ng tesis ng mga mag-aaral sa masterado bilang isa sa pangangailangan sa pagkamit ng digri. Kaugnaynito ang mgamasteradong mag-aaral ng Master saArte ng Edukasyon medyor sa Filipino ay hindi ligtas sa nasabing pangangailangan. Layunin ng programang ito ang mapataas ang kaalaman at kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik upang makatulong sa pagbabago at pag-unlad ng buhay ng isang tao. Ang mgalayuning ito ang naging batayan sa pagbuo ng mga angkop na pananaliksik ng mga mag-aaralna MAED Filipino.

Ninonais ng pag-aaral na ito na matugunan ang panawagan ng Komisyon sa Wikang Filipino na mapaigting at mapalawig ang saliksik. Ninonais din nito na matugunan ang panawagan ng opisina ng pananaliksik ng SSC na mabigyang katuparan ang layunin nito. Layunin din ng pag-aaral na maging gabay hindi lamang ng KWF at SSC kundi ng lahat ng ahensya at institusyon na may interes sasaliksik. Bilang awtput ng pananaliksik na ito, bubuo ng isang aklat na kinapapalooban ng mga abstrak ng mga tesis ng MAED-Filipino na magiging batayan sa mga

susunod pang gawaing pangwika at pangkultura sa gayon ay makatugon sa minimithing kaularan. Tutugon din ito sa paglinang ng kasanayan sa saliksik pang wika kasabay ng pagpapayaman ng kaalaman sa iba'tibang larang.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy 1) ang nilalaman ng mga masteradong tesis ng MAED Filipino mula taong 2014-2018 sa paaralang gradwado ng Sorsogon State College ayon sa: a) paksain, b) awtput, at c) gamit. 2) kung nakalinya sa pamantayan ng KWF ang mga na buong pananaliksik 3) makabuo ng isang interbensyon sa paggawa ng pananaliksik para sa mga mag-aaral ng masteral at doctoral na Filipino.

DESINYO NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng pamamaraang dokumentari-analisis. Ang pangunahing pinakunan ng datos ay ang 52 mga masteradong tesis ng mga mag-aaral ng MAED-Filipino mula taong 2014-2018. Ang pag-aanalisa ng mgadatos ay mula sa pagtukoy sa mga particular na paksaing pinagtutuunan ng pananaliksik: saliksik pangwika sa edukasyon, saliksik sa wika/lingguwistika, at saliksik sa araling pangkultura. Frequency count at pagrarango ang ginamit upang matukoy ang mga datos na kinakailangan.

NATUKLASAN

Nilalaman ng mga masteradong tesis ng MAED Filipino mula taong 2014- 2018 sa paaralang gradwado ng Sorsogon State College ayon sa paksain, awtput, at gamit.

Ang bahaging ito ay naglalaman ng pagtalakay sa naging paksain, awtput, at gamit ng mga masteradong tesis ng MAED Filipino. Ang talakay ay nabuo mula sa pag-aanalisa ng 52 mga na buong tesis, pakikipanayam na isinagawa at nagging implementasyon nito.

Paksain ng Pananaliksik. Ang pagpili ng paksain ng pananaliksik ay maaaring ibatay sa iba't ibang pag-aaral. Bilang isang mananaliksik, kailangang ikonsidera ang mga pag-aaral na may kaugnay sa napiling paksain. Sa pamamagitan nito, magkakaroon ng ideya ang mananaliksik sa magiging resulta ng kanilang pag-aaral.

Ang iinteres, konsern at konsentrasyon, ang halaga ng perang ginagamit ng mananaliksik sa pagbuo ng pag-

aaral, ang oras na ibinibigay para matapos, at ang bilang, bumubuo at makapili sa mga kailangan ng mga kalahok para makipagbahagi ay may malaking epekto sa pagpili ng kalahok [9]. Ang paksain ng pananaliksik ay ang subjek tungkol sa iyong isusulat. Ang iyong gagawin ay maaaring magmungkahi ng iba't ibang paraan ng paghahanap ng paksa o ito ay magbigay –pangalan sa isang malawak na konseptong aalamin o susuriin sa iyong papel [10].

Talahanayan 1.a. Paksain ng Masteradong Tesis ng MAEd Filipino

Paksa ng Pananaliksik	f	%
SaliksikPangwikasaEdukasyon		
Pagtuturo ng Wika/Asignaturang Filipino	10	19.23
Pagtuturo ng Ibang Larang Gamit ang Filipino	4	7.69
Pagsasanay sa Pagtuturo Gamit ang Filipino	7	13.46
Pagpaplanong Pangwika	1	1.92
K to 12 at MTB-MLE	2	3.85
Kabuuan	24	46.15
Saliksik sa Wika/Linguwistika		
Linguwistika	4	7.69
Wika at Gramatika ng Filipino at iba pang wika	2	3.85
Hambingang Pag-aaral ng Wika	1	1.92
Pagbuo ng Diksiyonaryo/Katawagan	1	1.92
Ortograpiya	1	1.92
Estandardisasyon ng Wika	2	3.85
Kabuuan	11	21.16
Saliksiksa Araling Pangkultura		
Pag-aaral sa kultura	2	3.85
Panitikan(pangkalahatang pag-aaral)	3	5.78
Kuwento	2	3.85
Tula	1	1.92
Panitikan-Bayan	1	1.92
Alamat	1	1.92
Turismo	7	13.46
Kabuuan	17	32.69
KabuuanBilang	52	100

Sa Talahanayan 1.a ay nagpapakita ng mga paksain ng masteradong tesis ng mga mag-aaral sa masteral na Filipino ayon sa kung ito ay naaayon sa saliksik pang wika sa edukasyon, saliksiksawika/lingguwistika, at saliksik sa araling pangkultura.

Makikita na mula sa 52 pananaliksik, 24 o 46.15% ang paksain na nakapokus sa saliksik pang wika sa edukasyon. Ang mga paksa ay sampu (10) o 19.23% ang tungkol sa pagtuturo ng wika/ asignaturang Filipino, pito (7) o 13.46% ang tungkol sa pagsasanay sa pagtuturo gamit ang Filipino, apat (4) o 7.69% ang pagtuturo ng ibang larang gamit ang Filipino, dalawa

(2) o 3.85% ang tungkol sa K to 12 at MTB-MLE, at isa (1) o 1.92% ang paksang pagpaplanong pangwika. Ipinapakita sa resulta na ang may akda ng mga pananaliksik ay halos lahat guro at dahil ditto mayroon silang direktang kontak sa mga mag-aaral. Dahil dito mas binibigyan nila ng atensyon kung papaano nila matutulungan ang mga mag-aaral. Binibigyang-diin nila ang higit na maging mahusay at epektibong guro kung alam at nagagamit niya ang teorya, prinsipyo at metodo ng pagtuturo, bukod pa saganap ang kadalubhasaan ng guro sa mga paksang kanyang itinuturo, at sa angkop na mga pamamaraan ng pagtuturo.

Kaugnay ng mga saliksik pang wikang nabuo higit na makakatulong ito upang maging efektibo at kapaki-pakinabang ang kanyang mga gawain. Sabi nga na mula sa aklat ni Espiritu dapat at kailangan ng sinumang guro ang kasanayan sa pananaliksik upang tuklasin ang kaukulang solusyon sa mga problemang nakakatagpo niya sa panahon ng kanyang pagtuturo. Kung maalam ang guro sa mga fundamental napangangailangan ng isang saliksik man lamang ay madali niyang maihahanap ng kasagutan ang mga tanong na kaugnay ng kanyangpagtuturo [11].

Ipinaliwanag nga ng KWF na ang pagtataguyod ng saliksik sa wika/ lingguwistika ay isang malaking hamon noon pa man maging hanggang ngayon. Malaki ang magiging ambag ng mga saliksik sa estruktura ng wika at iba't ibang sangay ng lingguwistika upang mapangalagaan, mapaunlad, maingat ang estado ng wika, at maisulong ang paggamit nito sa mas mataas na antas ng karunungan. Magiging daan din ito upang kahit papaano'y masuloyunan ang kinakaharap na problema ng edukasyon kapag istandardisasyon ng wika ang pinag-uusapan.

Mula naman sa 52 pananaliksik, 11 o 21.16% ang tungkol sa saliksik sa wika/lingguwistika. Apat (4) o 7.69% ang tungkol sa lingguwistika, dalawa (2) o 3.85% ang tungkol sa wika at gramatika ng Filipino at iba pang wika at estandardisasyon ng wika, isa (1) o 1.92 ang paksang ortograpiya, pagbuo ng disksiyonaryo/ katawagan, at hambingang pag-aaral ng wika. Ipinapakita sa resulta na karamihan sa mga pananaliksik ay nakatuon sa wika o lingguwistika. Ito ay nagpapahiwatig na marami ang nagnanais na pag-aralan at tukuyin ang mgapagbabago at kahalagahan ng wika hindi lamang sa larangan ng akademiko kundi pati na rin sa iba't ibang larang. Kasama narito ang halaga ng wika sa kultura at sosyal na aspeto ng isang tao.

Samantala, ang mga pananaliksik tungkol sa gramatika at estandardisasyon ng wika ay nagpapahiwatig na ang mga guro o mananaliksik ay patuloy na gumagawa ng paraan upang mabigyang kasagutan ang mga suliranin at pagbabago sa wika lalo nasa estandardisasyon nito upang mas lalong maging kapaki-pakinabang ito sa anumang larang. Hindi lingid sa atin ang hinaing ng mga guro ang suliraning kinakaharap sa ngayon sa pagtuturo ng Filipino. Nalilito sila sa kung ano ang dapat na sunding ortograpiya lalo nasa kolehiyo sapagkat ang mga lumalabas na aklat na ginagamit nilang batayan ay hindi tumutugma sa ortograpiyang ipinalabas ng KWF. Hirap din ang mga gurosa DepEd sa pagtuturo ng gramatika sa pagkat kulang ang kanilang kaalaman sa ortograpiya lalo't may iba na nagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi naman medyor sa Filipino.

Ang iba pang pag-aaral ay gayundin ang layunin na magkaroon ng kasagutan ang mga suliranin kaugnay sa asignaturang Filipino. Ang pagsusuri at pag-aaral ay isang indikasyon na may mithiing magkaroon ng epektibong gamit ng wika. Ang magamit at maituro nila ang wika upang sa gayon ay magkaroon ng estandardisadong wikang Filipino.

Kung gayon, isa ang saliksik pangwika sa edukasyon na dapat pagtuunan upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap ng wika sa larang na ito. Malaki ang ambag ng wika para samabisa at epektibong pagtuturo at pagkatuto. Kaya marapat lamang na magsagawa ng mga saliksik kaugnay nito hindi lamang para sa kapakanang pang wika kundi higit para sa pagkamit ng tunguhin ng edukasyon, lalo na't itinuturing ang wikang Filipino bilangwika ng karunungan.

Matutunghayan din na nakapokus ang mga paksain ng mga tesis ng mga masteradong mag-aaral sa saliksik sa araling pangkultura, mula sa 52 napananaliksik 17 o 32.69% ang gumawa nito. Ang paksang turismo ay pito (7) o 13.46%, pangkalahatang pag-aaral sa panitikan tatlo (3) o 5.78%, dalawa (2) o 3.85% ang tungkol sa pag-aaral sa kultura at kuwento, isa (1) o 1.92% naman ang tungkol sa tula, panitikang-bayan, at alamat.

Batay sa resulta, masasabing ang mga mananaliksik ay nagbigay ng interes o pokus sa kultura na pinaniniwalaang may ambag sa turismo at panitikan ng isang lugar. Ipinapahiwatig din dito na ang mga pananaliksik ay isang mabisang daan upang matukoy ang impak ng panitikan sa pagpaalaganap ng kultura at turismo.

Ang kultura ay simbolo ng pagkakakilanlan ng isang lugar, kung kaya ang pagpapalaganap nito ay maisasagawa sa pamamagitan ng pananaliksik. Ang resulta ng mgapag-aaral ay maaaring makatulong sa pagpapakilala ng kultura ng isang bayan. Marami sa mga pananaliksik na ito ay nakabuo ng mga awtput na nagsisilbing daan sa pagpapalaganap ng kultura tulad ng kompilasyon ng mga panitikan at mga aklat tungkol na may kaugnayan sa wika at kultura.

Ang kultura at wika ay magkatuwang at magkaagapay sa lahat ng pagkakataon. Kung kaya maraming isyung pangkultura kaugnay ng wika ang nararapati sa alang-alang sa mga gawaing saliksik. Malaki rin ang puwang ng wika upang masuri ang ideolohiya, uring panlipunan, nasyonalidad, etnisidad at iba pang mamamayang Filipino na nasa iisang kultura. Kaya naman nararapat lamang naitaguyod ang pagsasagawa ng mga makabuluhang saliksik pang wika sa eryang pangkultura bilang mabisang paraan sa pag-unlad ng Filipinas.

Gayunpaman, anuman ang maging paksai nkinakailangan na ito'y pagtuunan ng pansin sa pagkat ang paksa ay ang pangkalahatan o sentral na ideyang tinatalakay sa isang pananaliksik. Napakalaking bahagi sa pagkakaroon ng matagumpay na pananaliksik. Mahalagang panahon ang ginugugol sa pangangalap ng datos kaya naman makabubuting mapag-isipang mabuti ang paksang tatalakayin bago pa magkaroon ng pinal na desisyon.

Awtput ng Pananaliksik. Ang varyabol na ito ay tumutukoy sa kung ano ang naging produkto o gawaing nabuo mula sa resulta ng pananaliksik. Ito ang panghuling Gawain na may layuning maibahagi ang kinalabasan ng pag-aaral. Ang pagbabahagi ng awtput ng pananaliksik ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pagpapalathala sa refereed journal, research conference at formal naulat[12].

Ang Talahanayan 1.b ay naglalarawan ng iba't ibang awtput mula sa na buong tesis ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng datos na karamihan sa nagging awtput ay mga aklat, magasin, at pampleto na may 21 o 40.38%, kagamitang pampagtuturo 19 o 36.54%, desinyo ng mgapagsasanay 5 o 9.62%, mungkahing polisiya 4 o 7.69% at aksiyon plan 3 o 5.77%. Ang resulta ay nagpapakita ng implikasyon na iba-iba ang nilalayan ng bawat awtor. Kahit na nga lahat ng awtor ng tesis ay mga guro, hindi lahat ay nakatuon sa paggawa ng kagamitang pampagtuturo. Makikita na sa na buong aklat, magasin at pampleto ang nilalaman nito ay ang pagpapalaganap ng turismo sa kanilang lugar gamit ang wikang Filipino. May iba rin na ang ginawa

ay aksiyon plan at disenyo ng mga pagsasanay para maging daan sa pagpapaunlad ng performans ng mga mag-aaral. Rekomendasyon ng mgapolisiya ay isa rin sa mga awtput na nabuo upang mapalakas ang mga dati ng polisiya ng paaralang kalahok sa ilang aspeto ng pamamahala ng edukasyon. Ang resultang ito ay nagpapakita na halos lahat ng mananaliksik ang tuon ng kanilang pag-aaral ay tugon sa pagpapalaganap ng wikang Filipino at gamit ng Filipino sa pagtuturo-pagkatuto. Sa resulta rin ng pananaliksik na ito na halos lahat ng mananaliksik ay tungkol sa mga isyu tungkol pagpapalaganap at pagpapayaman ng Wikang Filipino. Ang paghahanda ng kagamitang pampagtuturo ay pangalawa lamang sa mga konsern dahil maaaring dahil din sa prosesong dapat na gawin sa pagbuo nito. Ang gastusin ay isa rin dahilan na nakakaapekto sa desisyon sa pagbuo ng awtput.

Talahanayan 1.b. Awtput na Nabuo mula sa Masteradong Tesis ng MAEd Filipino

Awtput	F	%
Kagamitang Pampagtuturo	19	36.54
Aksiyon Plan	3	5.77
Desinyo ng mga Pagsasanay	5	9.62
Mungkahing Polisiya	4	7.69
Aklat/Magasin/Pampleto	21	40.38
Kabuuan	52	100

Gayunpaman, anuman sa tipo ng awtput sa pag-aaral[13], ang awtput ay ang “ano” nabinibigyang-pansin sa isang Gawain na magiging kasagutan sa natamo ng bawat erya na kanilang inaasam. Ang awtput ay batayan sa pagkatuto at kahalagahan ng pagsasagawa ng isang pananaliksik. Ito ang produkto ng pananaliksik na magiging kasagutan sa suliraning pinagtuunan ng pag-aaral. Ang awtput ay maaring isang inobasyon upang mapaunlad ang pagkatuto at kaalaman tungkol sa paksa o bagay. Dito makikita ang impak ng pananaliksik, sapagkat masusukat dito ang lawak ng kaalaman ng isang mananaliksik sa kanyang ginawang pag-aaral.

Kaugnay ng polisiya ng kolehiyo, ipinapakita na ang paaralang gradwado ay walang espisipikong polisiya tungkol sa awtput na dapat mabuo ng isang mananaliksik. Kahit na ang awtput ng isang pananaliksik na dapat ay bunga ng ideya ng awtor, panel ng komite at maging ng tagapayo, ang pagpipili ay nakasalalay pa rin sa mananaliksik.

Gamit ng Pananaliksik. Ang varyabol na ito ay tumutukoy sa kung ano ang produkto o gawaing

bubuuin mula sa resulta ng pananaliksik na ginawa ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral [14], ang pananaliksik ay may malaking impak sa akademiko, ekonomiya, sosyal na aspeto ng isang tao. Ang pananaliksik ay isang mabisang batayan ng paggawa ng desisyon at pagbuo ng mga polisiya na magpapaunlad ng mga programang pang edukasyon at pangpamayanan.

Talahanayan 1.c. Gamit ng Masteradong Tesis ng MAEd Filipino

Gamit	F	%
Mabisangpakikipagtalasatasan	2	3.85
Pagpapayaman ng Wikang Filipino at lokalnawika	18	34.61
Pagpapakilala ng turismo ng lugar	7	13.46
Pandagdagtulong-materyalsapagtuturo	9	17.31
Impormasyong pangkomunidad	2	3.85
Dagdagkaalamantungkolsa MTB-MLE	1	1.92
Pagbuo ng polisiyang pangwika	4	7.69
Pagbabalik-tanaw sa kahalagahan ng panitikan at kultura	9	17.31
Kabuuan	52	100

Makikita sa talahanayan na iba-iba ang nagging gamit ng pananaliksik na isinagawa ng mga masteradong mag-aaral, nangunguna rito ang pagpapayaman ng wikang Filipino at iba pang local na wika na may 18 o 34.61%, pandagdag tulong-materyal sa pagtuturo at pagbabalik-tanaw sa kahalagahan ng panitikan at kultura na may 9 o 17.31%, pagpapakilala ng turismo ng lugar 7 o 13.46%, pagbuo ng polisiyang pangwika 4 o 7.69%, impormasyong pangkomunidad at mabisang pakikipagtalastasan 2 o 3.85%, at dagdag kaalam tungkol sa MTB-MLE 1 o 1.92%.

Nangangahulugan ito na sa nagging resulta ng pananaliksik mas pinahalagahan ang paggawa ng pananaliksik na mas pagyamanin pang lalo ang wikang Filipino at iba pang local na wika. Gayundin ang pagbuo ng material na magbibigay ambag sa pag-alam at pagbibigay buhay sa kung ano ang kahalagahan ng panitikan at kung ano ang naiaambag nito sa kultura.

Sinusuportahan nito ang programa ni Senador Loren Legarda at ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang Bantayog-Wika. Isang proyektong naglalayong isamonumento ang mga katutubong wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga pisikal na estrukturang sasagisag sa halaga ng mga wikang katutubo bilang baul ng yaman ng katutubong kaalaman, halagahan, gawi, tradisyon, at kasaysayan ng mga Filipino. Sa pagkakatatag ng Bantayog-

Wikasa Sorsogon may responsibilidad pangwika ang inaatang ng KWF hindi lamang sa pangangalaga at pagpapaunlad ng Wikang Filipino kundi sa pagpapaunlad din ng ibang wika sa Sorsogon.

Nakalinyasapamantayan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang mga nabuong pananaliksik

Ang saliksik ay isang pangunahing gampanin ng Komisyon sa Wikang Filipino bilang tugon sa nakasaad sa Batas Republika Blg. 7104, Seksyon 14 [15] na kinakailangan na magsagawa o bumuo ng pananaliksik para palaganapin ang ebolusyon, pag-unlad, pagpapayaman at sa kalaunan ay maging istandardisadong Filipino at ang iba pang wika sa Filipinas.

Bunga nito, isa sa mga adhika ng KWF ang pagpapaigting at pagpapalawig ng saliksik. Ang mga nabuong pananaliksik ng mga masteradong mag-aral ay nakalinya sa pamantayan ng KWF. Makikita sa mga nabuong pananaliksik, na ito ay maibabalangkas sa mga napapanahon at kailangang saliksik pangwika at pangkultura upang maging gabay hindi lamang ang KWF kundi ng lahat ng ahensya at institusyon na may interes sa wika. Ang mga naging resulta ng pananaliksik ay maaari ring maging batayansapagbuo ng mas detalyadong plano ng iba pang pananaliksik o pag-aaral pangwika.

Ang mga nabuongpananaliksik ay malaking tulong sa pagpapatatag at pagpapalakas ng mga serbisyong pangwika at pangkultural at pagbubuo ng malawak na network ng mga mananaliksik. Ang mga ito ay malaking tulong upang mapayaman ang aklatan, magkaroon ng mga pagsasanay para sa mga bagong mananaliksik, at magkaroon ng produktibong ugnayan at pagkakasundo ang mga ahensiyang tulad ng DepEd, CHED, at iba pang institusyong pansaliksik. Malaking tulong ito upang mas maging maunlad ang kalagayang sosyal at kultural ng mga Sorsoganon.

Sa naging pag-aanalisa ng mga nabuong tesis ito ay tumutugon sa adhika ng KWF at ng opisina ng SSC Research and Development ang: (1) maiangat ang antas ng kahusayan at pagpapalaganap sa paggamit ng wikang Filipino at mga wika ng Sorsogon sa iba't ibang larang ng karunungan at sector ng lipunan. (2) Mapalawak at mapalalim ang saliksik pang wika at kulturang Sorsoganon. (3) Bumuo at magpatupad at magmonitor ng patakarang pang wika batay sa malawak na saliksik at ugnayan sa mga pangunahing kasangkot (stakeholders). (4) Mapalawak ang repository at publikasyong nakasulat sa Filipino at sa

iba pang wika ng Sorsogon. (KWF MedyoMatagalang Plano 2017-2020)

Interbensyon na maaaring gamitin sa paggawa ng pananaliksik para samga mag-aaral ng masteral at doktoralna Filipino

Ang nabuong **Aklat ng Abstrak** mula sa mga masteradong tesis ay maaaring maging batayan ng mga susunod pang mga mananaliksik. Nakapaloob dito ang mga tinipon na abstrak ng mga masteradong tesis na nabuo mula taong 2014-2018. Matutunghayan sa aklat na ito ang mga nilalaman ng pananaliksik, awtput at gamit nito.

Layunin ng nabuong abstrak ng riserts ay maipaalam ang aksyon, patunay ng isang teorya at magkonekta para sa pagbuo ng kaalaman tungkol sa pag-aaralan. Nilalayan din nito na mabigyan ang mambabasa ng maikling lagom ng bawat pananaliksik. Matukoy din ang mga mananaliksik ang pagkakataon na kung may kaugnayan ang kanilang pananaliksik sa kasalukuyang ginagawang pag-aaral. Matukoy din ang susing salita sa nabanggit na pag-aaral at ang layunin at pamamaraan ng pananaliksik.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Natuklasan na ang nilalaman ng mga masteradong tesis ng MAED Filipino sa paksain: saliksik pang wika sa edukasyon, ay ang pagtuturo ng wika/asignaturang Filipino, pagtuturo ng ibang larang gamit ang Filipino, pagsasanay sa pagtuturo gamit ang Filipino, pagpaplanong pangwika at K to 12 at MTB-MLE. Sa saliksik sa wika/lingguwistika, ang mga paksain ay lingguwistika wika at gramatika ng Filipino at iba pang wika, haming ang pag-aaral ng wika, pagbuo ng diksyonaryo/katawagan, ortograpiya at estandardisasyon ng wika. Sa saliksik sa araling pangkultura, pag-aaral sa kultura, panitikan (pangkalahatang pag-aaral), kuwento, tula, panitikang-bayan, alamat, at turismo.

Ang mga naging awtput ng mga pag-aral ay kagamitang pampagtuturo, aksyon plan, desinyo ng mga pagsasanay, mungkahing polisiya, at aklat, magasin at pampleto. Magiging gamit ito sa mabisang pakikipagtalasatasan, pagpapayaman ng Wikang Filipino, pagpapakilala ng turismo ng lugar, pandagdag tulong-materyal sa pagtuturo, impormasyong pangkomunidad, dagdag kaalaman tungkol sa MTB-MLE, pagbuo ng polisiyang pangwika, pagbabalik-tanaw sa kahalagahan ng panitikan at kultura.

Nakalinya sa pamantayan ng KWF ang mga nabuong pananaliksik ng MAED Filipino. Nabuo ang aklat ng abstrak na magiging batayan sa pagbuo ng mga pananaliksik na tutugon sa pangangailangan ng SSC at KWF.

Inirerekomenda na ang nabuong aklat ng abstrak ay gamitin upang maging gabay ng mga susunod na mananaliksik. Ang mga nabuong awtput ng mga tesis ng MAED Filipino ay maaaring gamitin ng paaralan upang maging batayan at sanggunian sa pagtuturo. Maaari ring gamitin ng komunidad ang mga nabuong awtput upang sa gayon ay mas maipakilala ang lugar at maipabatid ang turismo mayroo nito.

TALASANGGUNIAN

- [1]. Salazar, Joseph T. et. al. (2017). BabasahinsaKulturalnaMalayuningKomunikasyon. Komisyon sa Wikang Filipino. Filipinas Institute of Translation. Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.
- [2]. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO). 2015
- [3]. Almario, Virgilio S. et al. (2016). Introduksiyon sa Saliksik. Komisyon sa Wikang Filipino. Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining. Aklat ng Bayan. Metro Manila
- [4]. RA 9155, Chap 1, Section 7 (5). Governance of Basic Education Act of 2001.
- [5]. Commission on Higher Education Memorandum Order (CMO) NO 37, series 2012. Policies, Standards and Guidelines in the Establishment of an Outcomes-Based Education (OBE) System in Higher Education Institutions Offering Engineering Programs.
- [6]. Commission on Higher Education Memorandum Order (CMO) NO 36, series 1998. Policies and Standard of Graduate Education. / Retrieved from: <http://www.ched.gov.ph> on October 13. 2015.
- [7]. Commission on Higher Education Memorandum Order (CMO) NO 53, series 2007. Policies and Standards for Graduate Programs in Education for Teachers and Other Education Professionals.
- [8]. Komisyon sa Wikang Filipino. MedyoMatagalang Plano 2017-2020 ng KWF. Karapatang Sipi 2016.
- [9]. Liversey, C. (2006). The Theoretical, Practical and Ethical Considerations Influencing the choice of topic, Choice of Method (s), and Conduct of Research. As sociology for AQA: Sociological Methods. Retrieved from: <http://www.sociology.org.uk>

- [10]. De Castro, Imelda P. at Taruc, Zendel Rosario M. (2010). *Kritikal na Pagbasa* at Akademikong Pagsulat Tungos sa Pananaliksik. UST Publishing House. Manila: Philippines.
- [11]. Espiritu, Clemencia C. (2006). *Guro Mula Tsok Hanggang Internet*. Pambansang Samahansa Linggwistikang Filipino.
- [12]. <https://faculty.londondeanery.ac.uk/e-learning/introduction-to-educationalresearch/research-outputs>
- [13]. <https://www.vitae.ac.uk/doing-research/leadership-developmet-for-principal-investigators-pls/inttelectual-leadership/demonstrating-research-impact>
- [14]. <https://hacogatrimanne.blogspot.com-pagtrabaho-nataliwas-sa-tinapos-na-kurso-sa-kolehiyo:-kurso-at-trabaho>
- [15]. Batas Republika Blg. 7104, Seksyon 14, Act Creating the Comm. on the Filipino Language (KWF)

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).